American Income Life Insurance Company

Executive Office: 1200 Wooded Acres Drive, Waco, Texas USA 76710
P.O. Box 2608, Waco, Texas USA 76702 • +1 (254) 761-6400 • Email: pos@ailife.com • www.ailife.com

**New Zealand Contact:** c/o AIL of New Zealand Limited
P.O. Box 15446 New Lynn, Auckland 0640 • (09) 827 9900 • Email: info@ailnz.co.nz • www.ailnz.co.nz

# Mga Buod Ng Dagdag Sa Polisiya (Para Sa Mga Polisiya Ng Buhay)

## Policy Add-Ons Summaries (For Life Policies)

Sa dokumentong ito, ang mga salitang “kami”, “amin” at “namin” ay nangangahulugang ang *American Income Life Insurance Company*, ang tagaseguro sa ilalim ng mga Polisiya at sa mga Dagdag sa Polisiya (Policy Add-ons).

Ang mga salitang “ikaw/ka/mo” at “iyo” ay tumutukoy sa Nakaseguro sa ilalim ng Polisiya na dinadagdagan ng mga Dagdag sa Polisiya.

### Nagbibigay kami ng “mga Dagdag sa Polisiya” na may karagdagang mga benepisyo

Nagbibigay kami ng “mga Dagdag sa Polisiya” na maaaring idagdag sa ilan sa aming mga Polisiya. Ang mga Dagdag sa Polisiya ay may karagdagang mga benepisyo.

Layon ng Mga Buod sa ibaba na ipaliwanag ang mga Dagdag sa Polisiya na maaaring idagdag sa aming mga Polisiya ng life insurance (seguro ng buhay).

Sa dokumentong ito, isinaad namin ang lahat ng mga Dagdag sa Polisiya (para sa mga Polisiya ng life insurance) na kasalukuyan naming ipinagbibili. Ngunit ilan lamang sa mga Dagdag sa Polisiyang ito ang maaaring magamit para sa iyo.

Bawat Dagdag sa Polisiya ay maaari lamang idagdag sa ilang Polisiya o mga Polisiya. Isinaad namin sa ibaba ang mga detalye ng mga polisiya ng life insurance na maaaring madagdagan ng bawat Dagdag sa Polisiya.

Kapag bumili ka ng Dagdag sa Polisiya, magiging bahagi ito ng Polisiya kung saan idinagdag ito at dapat basahin kasama ng Polisiyang iyon. Maliban kung ang Dagdag sa Polisiya ay iba ang sinasabi, hindi nito mababago ang mismong Polisiya.

Ang Mga Buod sa ibaba ay isang maikling pangkalahatang pagtunghay lamang sa mga Dagdag sa Polisiya. Ang Mga Buod na ito ay hindi bahagi ng anumang kontrata sa pagitan mo at namin.

**MANGYARING BASAHING MABUTI ANG POLISIYA AT ANG MGA DAGDAG SA POLISIYA KAPAG NATANGGAP MO NA ITO.**

Ang aktwal na Polisiya at Dagdag sa Polisiya ay may kumpletong impormasyon at nagtatakda ng anumang mga limitasyon.

## Mga Buod ng mga Dagdag sa Polisiya na maaaring idagdag sa aming mga polisiya ng life insurance

Ang mga Dagdag sa Polisiya na maaaring idagdag sa aming mga Polisiya ng life insurance ay nakalarawan sa ibaba:

### *Dagdag sa Polisiya ng Minadaling Kabayaran para sa Terminal na Karamdaman (Accelerated Payment for Terminal Illness Policy Add-on)*

Ang Dagdag sa Polisiya para sa Accelerated Payment for Terminal Illness ay maaaring idagdag sa alinman sa aming mga Polisiya ng life insurance na nagbibigay ng isinegurong antas ng kabayaran.

Sa ilalim ng Dagdag sa Polisiyang ito, magbabayad kami ng 50% ng Kabuuang Halaga (Face Amount) na dapat ibayad sa ilalim ng Polisiya ng life insurance kung saan idinagdag ang Dagdag sa Polisiyang ito, kung ikaw ay nadiyagnos na may Terminal na Karamdaman.

Ang "Terminal na Karamdaman" ay nangangahulugan na ikaw ay nadiyagnos ng isang medikal na kondisyon na walang lunas, na may makatwirang medikal na pagtiyak, na hahantong sa iyong pagkamatay sa loob ng 12 buwan.

Ang accelerated payment ay minsan lamang babayaran. Ito ay tutukoy kahit na ikaw ay dumanas pagkaraan ng kapareho o kakaibang Terminal na Karamdaman.

Hindi kami magbabayad ng accelerated payment kung ang Terminal na Karamdaman ay naging sanhi o naambagan ng alinman sa ilang mga di-isinama (exclusions) na nakasaad sa pahayag ng Dagdag sa Polisiya.

Sa sandaling nabayaran na ang accelerated payment, ang Face Amount sa ilalim ng Polisiya ng life insurance ay mababawasan nang 50%.

Hindi kami sisingil ng premium (hulog) para sa Dagdag sa Polisiyang ito.

### *Dagdag sa Polisiya ng Benepisyo sa Di-Sinasadyang Pagkamatay (Accidental Death Benefit Policy Add-on)*

Ang Dagdag sa Polisiya ng Accidental Death Benefit ay maaaring idagdag sa alinman sa aming mga Polisiya ng life insurance.

Ang Dagdag sa Polisiya na ito ay magbibigay ng benepisyo kung ang iyong pagkamatay ay direktang resulta ng pinsalang sanhi ng aksidente.

Magbabayad lamang kami ng naaakmang benepisyo kung ang aksidente at ang iyong kamatayan ay nangyari habang lubos na umiiral (full force) ang Polisiya at ang Dagdag sa Polisiya. Ibig sabihin ng "Lubos na umiiral" ay nabayaran na ang lahat ng mga premium.

Hindi namin babayaran ang Accidental Death Benefit kung ang iyong kamatayan ay sanhi o naambagan ng alinman sa ilang mga di-isinama (exclusions) na nakasaad sa Dagdag sa Polisiya.

Magwawakas ang Dagdag sa Polisiya makaraan ang tiyak na panahon, o mas maaga sa ilang mga sirkumstansya, na nakasaad sa Dagdag sa Polisiya.

### *Dagdag sa Polisiya ng Benepisyo sa Partikular na Di-Sinasadyang Pagkamatay (Special Accidental Death Benefit Policy Add-on)*

Ang Dagdag sa Polisiya ng Special Accidental Death Benefit ay maaaring idagdag sa alinman sa aming mga Polisiya ng life insurance.

Ang Dagdag sa Polisiya na ito ay magbibigay ng benepisyo kung ang iyong pagkamatay ay direktang resulta ng pinsalang sanhi ng aksidente.

Magbabayad lamang kami ng naaakmang benepisyo kung ang aksidente at ang iyong kamatayan ay nangyari habang lubos na umiiral (full force) ang Polisiya at ang Dagdag sa Polisiya. Ibig sabihin ng "Lubos na umiiral" ay nabayaran na ang lahat ng mga premium.

Maaaring lakihan ang benepisyo kung ang iyong kamatayan ay resulta ng aksidente habang ikaw ay:

- nagmamaneho o sakay ng isang pribadong pampasaherong kotse, motorsiklo o pickup na trak, o
- nakasakay bilang isang nagbabayad na pasahero sa isang bus, eroplano, taksi o tren.

Hindi kami magbabayad ng benepisyo kung ang iyong kamatayan ay sanhi o naambagan ng alinman sa ilang mga di-isinama na nakasaad sa Dagdag sa Polisiya.

Magwawakas ang Dagdag sa Polisiya makaraan ang tiyak na panahon, o mas maaga sa ilang mga sirkumstansya, na nakasaad sa Dagdag sa Polisiya.

### *Opsyon upang Bumili ng Karagdagang Dagdag sa Polisiya ng Seguro (Option to Buy Additional Insurance Policy Add-on)*

Ang Opsyon upang Bumili ng Karagdagang Dagdag sa Polisiya ng Seguro ay maaaring idagdag sa Polisiya ng Buhay (Life Policy).

Sa ilalim ng Dagdag sa Polisiyang ito, hindi ka aktwal na bibili ng seguro ngayon. Ikaw ay bumibili ng opsyon upang bumili ng ilang seguro sa ilang petsa sa hinaharap (tinatawag na "Opsyon ng mga petsa") na hindi kailangang magbigay ng ebidensya ng kalusugan.

Ang opsyon ng mga petsa ay ang anibersaryong mga petsa ng Polisiya para sa iyong edad na 25, 28, 31, 34, 37, o 40 taong gulang.

Dagdag pa, maaari mong gamitin nang maaga ang isang opsyong petsa sa oras ng (a) iyong kasal, kasal sa huwes, o pagkakaroon ng relasyong de facto at (b) ang pagsilang o pag-ampon ng anak. May nakalapat na mga takda at kondisyon.

Hihinto ang Dagdag sa Polisiya sa huling opsyong petsa, o mas maaga sa ilang sirkumstansya, na nakasaad sa Dagdag sa Polisiya.

(09) 827 9900 info@ailnz.co.nz ailnz.co.nz
PO Box 15446, New Lynn, Auckland 0640

### *Dagdag sa Polisiya ng Children's Term Insurance (Children's Term Insurance Policy Add-on)*

Ang Dagdag sa Polisiya ng Children's Term Insurance ay maaaring idagdag sa alinman sa aming Mga Polisiya ng life insurance.

Sa ilalim ng Dagdag sa Polisiyang ito, magbabayad kami ng benepisyo sa tagapagmana sa pagkamatay ng iyong anak o mga anak. Ang mga detalye ng mga saklaw na bata ay nakasaad sa Dagdag sa Polisiya. Silang lahat ay nasasaklawan ng isang presyo.

Magbabayad lamang kami ng naaakmang benepisyo kung ang pagkamatay ng isang nasasaklawang bata ay nangyari habang lubos na umiiral ang Polisiya at ang Dagdag sa Polisiya. Ibig sabihin ng "Lubos na umiiral" ay nabayaran na ang lahat ng mga premium.

Ikaw ay magiging tagapagmana sa ilalim ng Dagdag sa Polisiyang ito. Pagkaraan ng iyong pagkamatay, ang magiging tagapagmana ng Dagdag sa Polisiya ay ang estate (ari-arian) ng namatay na nasaklawang bata.

Pagkaraan ng iyong pagkamatay, ang benepisyo ng bawat nasaklawang bata sa ilalim ng Dagdag sa Polisiyang ito ay magiging lubos na bayad na term insurance.

Magwawakas ang Dagdag sa Polisiyang ito sa anibersaryo ng Polisiya makaraang maabot mo ang edad na 65 taong gulang, o mas maaga sa ilang mga sirkumstansya, na nakasaad sa Dagdag sa Polisiya. Halimbawa, ang saklaw para sa bawat bata sa ilalim ng Dagdag sa Polisiya ay magwawakas sa anibersaryo ng Polisiya makaraang umabot sila sa edad na 21 taong gulang.

Ang saklaw ng sinumang bata sa ilalim ng Dagdag sa Polisiyang ito ay maaaring gawing isang permanenteng plano ng life insurance na maiisyu namin. May nakalapat na mga takda at kondisyon.

### *Dagdag sa Polisiya ng Spouse's Term Insurance (Spouse's Term Insurance Policy Add-on)*

Ang Dagdag sa Polisiya ng Spouse's Term Insurance ay maaaring idagdag sa Life Policy.

Sa ilalim ng Dagdag sa Polisiyang ito, magbabayad kami ng benepisyo sa tagapagmana sa pagkamatay ng iyong asawa/partner. Upang maiseguro, dapat pangalanan sa aplikasyon ang iyong asawa, partner sa pagkakasal sa huwes o partner na de facto.

Magbabayad lamang kami ng naaakmang benepisyo kung ang pagkamatay ng iyong asawa/partner ay nangyari habang lubos na umiiral ang Polisiya at ang Dagdag sa Polisiya. Ibig sabihin ng "Lubos na umiiral" ay nabayaran na ang lahat ng mga premium.

Maliban kung may ibang pinangalanang tagapagmana:

- ikaw ang magiging tagapagmana sa ilalim ng Dagdag sa Polisiyang ito, at
- makaraan ang iyong pagkamatay, ang ari-arian (estate) ng iyong asawa/partner ang magiging tagapagmana ng Dagdag sa Polisiya.

Makaraan ang iyong pagkamatay, ang benepisyo sa ilalim ng Dagdag sa Polisiyang ito ay magiging lubos na bayad nang term insurance.

Magwawakas ang Dagdag sa Polisiya sa petsa ng paglampas sa panahon, o mas maaga sa ilang mga sirkumstansya, na nakasaad sa Dagdag sa Polisiya.

Ang saklaw sa ilalim ng Dagdag sa Polisiya ay maaaring gawing isang permanenteng plano ng life insurance na maiisyu namin. May nakalapat na mga takda at kondisyon.

## *Dagdag sa Polisiya ng Renewable and Convertible Level Term Insurance (Renewable and Convertible Level Term Insurance Policy Add-on)*

Ang Dagdag sa Polisiya ng Renewable and Convertible Level Term Insurance ay maaaring idagdag sa Life Policy.

Sa ilalim ng Dagdag sa Polisiya, magbabayad kami ng karagdagang benepisyo ng pagkamatay sa tagapagmana sa iyong kamatayan.

Magbabayad lamang kami ng naaakmang benepisyo kung ang iyong pagkamatay ay nangyari habang lubos na umiiral ang Polisiya at ang Dagdag sa Polisiya. Ibig sabihin ng “Lubos na umiiral” ay nabayaran na ang lahat ng mga premium.

Mare-renew (magpapanibago) ang Polisiya sa petsa ng pag-renew kung bayad ang mga premium. Tataas ang premium tuwing petsa ng pag-renew.

Magwawakas ang Dagdag sa Polisiya sa petsa ng paglampas ng takdang panahon, o mas maaga sa ilang mga sirkumstansya, na nakasaad sa Dagdag sa Polisiya.

Ikaw ay may opsyon na gawing isang permanenteng plano ng life insurance ang Dagdag sa Polisiyang ito. May nakalapat na mga takda at kondisyon. Halimbawa, ang paglilipat ay dapat gawin bago ang katapusan ng panahon ng paglilipat na nakasaad sa Dagdag sa Polisiya.